

## Lifestyle Discipleship ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

### 702. Bible Power

Ang lahat ng bagay na itinuturo ng Bibliya ay hindi natin matututuhan ibuhos man natin ang ating buong buhay. Subalit mayroong sapat na karunungan na makapagsisilbing gabay upang ating maunawaan ang kahulugan ng buhay. Ating pag-isipan at himay-himayin ang mga sumusunod:

- a) Ang Bibliya ay Salita ng Diyos. Sinasabi sa 2 Timothy na *lahat ng Scriptura ay hininga ng Diyos at kapaki-pakinabang para sa pagtuturo, pagbatikos, pagtatama at pagsasanay sa katuwiran upang ang taong makadiyos ay maging ganap sa paggawa ng kabutihan*. Ang sinasabi naman sa 2 Peter 1:20-21 na *dapat nating maunawaan na walang propesiya ng Scriptura na nanggaling lamang sa interpretasyon ng propeta*. Sapagkat ang propesiya ay hindi kailanman nagmula sa kalooban ng tao, ngunit mga taong nagsalita para sa Diyos habang sila ay akbay ng Banal na Espiritu.
- b) Dahil sa ang Bibliya ay salita ng Diyos, ito ay may awtoridad. Dahil ito ay may awtoridad, ito ay walang taglay na kamalian sa kanyang original na pagkakasulat. Ang mga tinatawag na *variants* o tila kulang sa kalinawan ay hindi sapat na mabago ang alin mang bahagi ng kabuuan. Ang mga ito ay nangyari sa proseso ng pagsusulat ng copya ng mga *manuscripts*.
- c) Sinasabi sa Psalm 119:105 na ang salita ng Diyos ay lampara sa aking paa at ilaw sa aking daraanan. Samakatuwid, ang Bibliya ang mag-aakay sa atin sa kadiliman upang tayo ay hindi madapa o maligaw sa ating dinaraan. Ito ang mag-aahon sa atin mula sa kamang-mangan tungo sa karunungan. Ito ay malinaw; ito ay mauunawaan.
- d) Ang Bibliya ay aklat ng katotohanan tungkol sa kalikasan at kalooban ng Diyos at kalikasan at layunin ng Kanyang nilikha. Ito ay kinakailangan lalong-lalo na sa taglay nitong gabay sa buhay -- sa pagtukoy kung ano ang totoo, mabuti at tama. Ito ang nagbibigay ng kabuuan sa lahat ng iba't ibang bahagi ng buhay at sangnilikha.
- e) Ang sabi ni John sa kanyang gospel ay *marami pang ginawang mga milagro ang Panginoong Jesus na nasaksihan ng Kanyang mga alagad maliban sa taglay ng kanyang sinulat na aklat*. Subalit ang dahilan ng pagbuo nito ay upang tayo ay maniwala na si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng pananalig tayo ay magkaroon ng buhay sa Kanyang pangalan (John 20:30-31). Samakatuwid, ang Bibliya ay sapat para sa isang matagumpay at masaganang pamumuhay na nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos.

f) Ang Bibliya ay may 66 books na nahahati sa dalawang bahagi: Lumang Tipan (39 books) at Bagong Tipan (27 books).

Ang Old Testament ay nahahati sa tatlong bahagi:

- Mga Aklat ng Historia
  - Mga Simulain (Genesis)
  - Ang Hinirang na Bayan ng Diyos (Exodus, Leviticus)
  - Tungo sa Pangakong Lupain (Numbers, Deuteronomy)
  - Pagsakop ng Pangakong Lupain (Joshua, Judges, Ruth)
  - Ang Nagkakaisa at Ang Nahating Kaharian (1 at 2 Samuel, 1 at 2 Kings, 1 at 2 Chronicles)
  - Ang Panahon ng Deportasyon (Ezra, Nehemiah, Esther)
- Mga Aklat ng Karunungan (Job, Psalms, Proverbs, Ecclesiastes, Song of Solomon)
- Mga Aklat ng Mga Propeta (Isaiah, Jeremiah, Lamentations, Ezekiel, Daniel, Hosea, Joel, Amos, Obadiah, Jonah, Micah, Nahum, Habbakuk, Zephaniah, Haggai, Zechariah, Malachi)

Ang New Testament naman ay nahahati sa apat na bahagi:

- Gospels (Matthew, Mark, Luke, John)
- Ang Paglaganap ng Ebanghelyo (Acts)
- Mga Sulat (Romans, 1 at 2 Corinthians, Galatians, Ephesians, Philippians, Colossians, 1 at 2 Thessalonians, 1 at 2 Timothy, Titus, Philemon, Hebrews, James, 1 at 2 Peter, 1, 2 at 3 John, Jude)
- Revelation

Copyright Conrad Jun Tolosa

Revised: March 14, 2020

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.